ISSN:2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.42 Pebrero 24-Marso 1, 2020 P10.00

## 'NAGSARILING SIKAP' SA HARAP NG DALAGA, SWAK SA SELDA

pahina 12

*Kinulong sa bodega, sapilitang overtime...* pahina 2

# 2 TSEKWA ARESTADO SA REKLAMO NG 4 EMPLEYADO




## TOTOY NA TULAK NG 'DAMO' SA MGA ESTUDYANTE, TIKLO

p.11

## TESTIGO SA KASO, DINEDO

p.4

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

*Kinulong sa bodega, sapilitang overtime…*

# 2 TSEKWA ARESTADO SA REKLAMO NG 4 EMPLEYADO

**INARESTO ang dalawang Chinese nationals na may-ari ng isang kumpanya matapos na ireklamo ng mga empleyado nito na "ikinulong" sa loob ng kanilang warehouse upang mapilitang mag-overtime sa Kawit, Cavite.**

Kasong illegal detention ang isinampa laban kina Qinghui Qui, 37; at Bin Chen, 32, kapwa Chinese national at Operations Manager ng Dan Chang Company at kapwa stay-in sa Gold Key Construction Management Inc Warehouse sa Brgy. Toclong, Kawit.

Inireklamo sila nina Rolando Averilla, 30, may live in partner, ng 106 Brgy Toclong, Kawit; Jaime Valenzuela, 43, driver, ng Brgy. Toclong; Ian Clark Madlangbayan, 23, helper ng Brgy. Toclong; at Ronald Grino, 37, driver, ng Brgy Carsadang Bago, Imus, Cavite.

Sa reklamo nila kay PSSg Ernesto Dasalla, Jr., ng Kawit Municipal Police Station, pinilit umano sila ng mga suspek na mag-overtime sa kanilang trabaho simula noong Biyernes ng hapon sa loob ng Dan Chang Company Warehouse sa loob ng Golden Key Construction Management Incorporated.

Walang nagawa ang apat dahil hindi na umano sila pinalabas sa kumpanya.

Ayon pa sa mga nagrereklamong empleyado, natatakot din umano silang sumuway sa utos dahil baka tanggalin sa kanilang trabaho.

"Wala naman daw problema kung mag-overtime ang mga empleyedo kaya lang hindi naman daw sila binabayaran ng kanilang overtime pay,' ayon kay Dasalla.

Pero nitong Martes, February 18, tumawag si Averilla sa kanyang live in partner na si Ma. Angela Burgos dahil hindi pa rin umano sila pinapalabas kaya humingi na ng tulong sa pulisya ang huli dahilan upang magsagawa ng operasyon ang Kawit police at nagresulta sa pagkakaaresto sa dalawang Chinese nationals at pagkakasagip sa mga empleyado nito.

Pero paliwanag ni Dasalla na nasa loob lamang sila ng warehouse subalit pinagbawalang lumabas at nakakakain naman umano ang mga empleyado sa kanilang kantina. **GENE ADSUARA**

## Dahil sa 3 boteng Gin, nagpaputok ng baril

**MISTULANG** napraning matapos lumaklak ng tatlong bote ng Gin, walang habas na nagpaputok ng baril ang isang 55-anyos na empleyado mula sa Office of the Mayor ng Ternate, Cavite.

Kasong paglabag sa RA 10591 at Indiscriminate Firing ang kinakaharap ng suspek na si Eduardo Magbanua, may live-in partner, at staff ng Office of the Mayor at residente ng Brgy Bucana, Tenate.

Sa ulat ni PMSgt Andres Agcaoli, ng Ternate Municipal Police Station, nakatanggap sila ng tawag mula sa isang concerned citizen dahil sa walang habas na nagpapaputok habang naglalakad ang isang lalaking nakasuot lamang ng gray pants, yellow jersey at naka bullcap.

Agad namang nagresponde ang mga operatiba ng Tenate MPS kung saan inaresto ang suspek dakong alas 7:45 ng gabi sa Brgy Bucana.

Ayon kay Agcaoli, hindi naman nanlaban ang suspek nang arestuhin na lango sa alak matapos na lumaklak ng 3 bote ng Gin.

Agad namang nakilala ng mga awtoridad ang suspek na staff sa tanggapan ni Ternate Mayor Lamberto Bambao sa hawak nitong Identification Card (ID).

Wala rin papeles ang ginamit na baril ng suspek sa pagpapaputok. **GENE ADSUARA**

## Sermon, ipinatikim ni 'Yorme

Sumuko na ang lima sa pitong suspek na sangkot sa pagsunog sa tinitindang lobo ng isang 28-anyos na vendor na kanyang ikinasugat noong Pebrero 12 sa Pandacan, Maynila.

Kasama ang kanilang mga magulang, humarap kay Manila Mayor Isko Moreno ang limang kabataang suspek habang dalawa pa ang pinaghahanap.

Ang mga ito ay pawang miyembro ng 'True Life Gangsta' na may paso sa palasinsingan at mga out-of-school youth.

Nag-viral ang video nang panununog ng mga suspek sa tinitindang lobo ni Oliver Rosales sa Pandancan, Maynila.

Nagtamo ng 2nd degree burn si Rosales.

Susuriin muna ng Manila Department of Social Welfare kung dapat nang ilipat ang apat na menor-de-edad sa Manila Youth Rehabilitation Center.

'Yang joke, joke, joke niyo, maaari pala tayong makapaminsala… Gusto ko nga 'pahawak din sa kanila 'yung lobo, pero labag sa batas iyon," ani Moreno .

Bagamat nakakapanggigil umano ang ginawa ng mga suspek, sinabi ni Moreno na kailangan pa ring dumaan ang mga ito sa due process.

Isa sa mga menor-de-edad ang nagsisisi dahil hindi umano nila inakala na may masasaktan.

Sinermunan din ni Moreno ang mga magulang ng mga suspek dahil sa kapabayaan ng mga ito at nasasama sa maling barkada. **(leonard basilio)**

## Cavite Waterways of 28 Barangays, Submerged Garbage Cleared

After four months of massive efforts, all the submerged garbage along the waterways of 28 barangays in Cavite were already removed, a report from the Department of Environment and Natural Resources (DENR) CALABARZON says.

The removal of submerged garbage is a sub-project under the first phase of the DENR's Manila Bay Rehabilitation Project a.k.a. "Battle for Manila Bay". The sub-project started in October 2019 and was completed in January 2020.

The DENR allotted P1-M budget for each of the 28 barangays. P600-K of which was allocated for the clean-up of waterways and information drive, while the remaining P400-K was downloaded to the concerned local government unit for the hauling and transportation of collected waste to the sanitary landfills.

River marshals or "Bantay-Linis Ilog" were hired from among the locals to conduct the daily clean-up activities and assess the wastewater being discharged to the waterways.

Other activities included in the sub-project were conduct of communication, education and public awareness campaigns on the Ecological Solid Waste Management Act; conduct of livelihood training on the conversion of solid waste into income-generating projects including composting and vertical gardening; fabrication and installation of informative signages; and monitoring of unlawful acts like disposal of wastes into waterways.

DENR Manila Bay Coordinating Office - Cavite Site Manager, Judaline Fabro said some garbage coming from other parts of the Manila Bay region accumulate in the 28 barangays whenever high tide occurs. "Nonetheless, the concerned barangay government units pledged to continue the clean-up even after the end of their contract with the DENR", she added.



**ANG** American national na si Jennifer Erin Talbot na nahuli sa airport na ipupuslit ang sangol palabas ng bansa lulan ng kanyang sling bag na walang maipakitang proper Travel Clearance Documents mula sa DSWD. **CHRISTIAN HERAMIS**

## Kanlungan ng mga cancer patients

**UPANG** makatipid at hindi na mahirapan ang mga pasyenteng may kanser na nagmumula pa sa probinisya, plano ng pamahalaang Lungsod ng Maynila na magtayo ng kanilang matutuluyan.

Ito ang sinabi ni Manila Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso sa kanyang pagdalo sa consultation meeting ng Manila Health Officials.

Ang nasabing plano ay una na ring sinabi ni Manila City Health Officer Dr. Arnold Pangan kung saan bahagi aniya ito ng pagpapalakas sa health facilities ng syudad.

"Our plans include building Speciality Centers for diabetes, halfway homes for Cancer patients, and Women Wellness Centers," ayon naman kay Pangan.

Bukod dito, plano ring bumuo ng Super Health Centers with Vertical Housing sa mga empleyado.

Pero sinabi ng Alkalde na kakailanganin niya ng tulong ng lahat ng sektor sa siyudad, publiko o pribadong sektor upang maisakatuparan ang nasabing proyekto.

"Kaya ako nag a-assess . I govern with data. I want to utilize whatever is here to spend it efficiently and so that the city government will be guided accordingly," paliwang pa ni Moreno.

Hinikayat naman ni Domagoso ang lahat na makipagtulongan at magtiwala sa mga health centers dahil pangarap aniya ng maibalik ang dignidad.

Pinag-aaralan na rin ng Manila LGU na magtayo ng bagong pasilidad para sa diabetic patient at wellness centers, gayundin ang public health care sa mga educational institutions sa lungsod tulad ng Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM). **GENE ADSUARA**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Iwasan ang pagtataksil

**TAPOS** na ang Valentine's Day pero bigla ay nalathala ang isang balita na nangyari sa mismong araw na iyon.

Huli sa akto ni misis ang kanyang mister kasama ang kalaguyo.

Sa mismong Araw ng mga Puso ang selebrasyon ng magkalaguyo ay idinaos sa isang
lodging house sa Cagayan de Oro City.

May mga kasama pang pulis si misis nang maaktuhan si mister at ang kabit nito.

Siyempre ano pa aasahan mo sa girl, mas bata kumpara sa misis ni mister.

'Ika nga ng mga lalaki, natural kapag kukuha sila ng other woman ay iyong mas bata.

Kumbaga sa ulam ay kakaibang putahe naman at nakakasawa na kay kumander.

Ang mag-asawa ay kapwa may sinasabi, ibig sabihin ay mga bigatin.

Si mister ay may mataas na posisyon sa isang private company.

Paldo si mister kaya naman mayroong kakayahang kumuha ng ibang kapiling.

Ito naman si misis ay sinasabing nasa larangan ng pulitika, elected official.

Mukhang doon nagkamali si mister, alam niyang public servant ang kanyang misis ay tila nagpakampante siya.

Maaaring mailarawan si misis bilang hindi lang matalino ay 'wais at madiskarte pa.

Sukat ba namang kabitan o lagyan ni misis ng global positioning system (GPS) ang sasakyan ng mister niya.

Hayun eh kaya na-locate o natunton ang kinaroroonan ni mister.

Sa pamamagitan ng GPS ay nalamang si mister ay nasa isang lodging house ng mga oras na iyon.

Eh ano naman ang gagawin ni mister doon kung siya lamang mag-isa.

Sa pagkakaturo ng GPS ay tumbuk na tumbok kaagad ni misis na ang kanyang mister ay may kasamang bebot doon.

Humangos si misis at kaagad na humingi ng police assistance kaya 'swak ang magdyowa.

Mukhang kapupulutan ng moral lesson ang pitak natin hehehe, aral sa mga lalaki at aral din sa mga babae.

Para sa mga lalaking taksil ay kailangang dagdag alerto para hindi mabuko at sa hanay naman ng mga esposa ay husayan pa ang paniniktik.

Pero ang talagang moral lesson ay dapat iwasan ang pangangaliwa o pagtataksil, lalaki ka man o babae.




**PHO SUPPORTS RHU's HEALTH CARAVAN FOR PDL:** The local government of Gen. Mariano Alvarez through its Rural Health Unit conducted a health caravan for Persons Deprived of Liberty (PDL) dubbed as "Puso para sa Bilanggo" in cooperation with the Provincial Health Office on February 14, 2020 at BJMP, GMA. Health activities include medical and skin disease consultation, dental check-up and HIV counselling and screening rendered by the medical professionals from the RHU headed by Dr. Eduardo C. Alcasid and the Provincial Health Office for the benefit of 231 PDL who availed the free health services. Municipal Mayor Walter D. Echevarria, Jr. and Vice Mayor Maricel E. Torres were present at the event and expressed their message of support to the program which was done for five consecutive years. **PICAD**

# EDITORYAL

## Busilak na kalooban

**NAKAKATABA ng puso na mayroon pa rin tayong mga kababayang may busilak na kalooban.**

**Ang taxi driver na si Jhowny Camolista ng Brgy. E-Lopez, Silay, Negros Occidental ay nagsauli ng P175,000, $50 at ilang dokumento sa naging mga pasahero nitong kapwa German nationals na sina Man Thomas Shick, 71, at Jutta Schick, 57.**

**Malaking halaga subalit hindi nasilaw sa dikta ng kasamaan bagkus ay nanaig ang kabutihan.**

**Marami pa rin namang Pinoy o Pinay na hindi nangingibabaw ang kagahaman kahit pa sila ay salat sa yaman o salapi.**

**Makakaya o magagawa naman ito kung gugustuhin lamang basta sarado ang magkabilang tainga sa bulong ng dyablo.**

**Sana ay dumami pa ang mga katulad nila.**

**ADVERTISING RATES**

**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**

**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***

# TESTIGO SA KASO, DINEDO

**Dead-on-the-spot ang isang 53-anyos na ginang na sinasabing police asset at star witness sa Sta. Cruz, Manila massacre noong 2012 nang paulanan ng bala ng 'di pa natutukoy ng riding-in-tandem habang naglalakad sa Sta. Cruz, Maynila, kamakailan.**

Sanhi ng mga tinamong tama ng bala sa iba't ibang bahagi ng katawan, nasawi noon din ang biktimang si Myrna Tandiama, may kinakasama, at residente ng Herrera St., Tondo, Maynila.

Sa ulat ng Manila Police District-Homicide Section, dakong alas-5:40 ng hapon nang maganap ang pamamaril sa biktima sa panulukan ng Yuseco at Ilustre Sts., sakop ng Barangay 225 Sta. Cruz.

Habang naglalakad ang biktima sa nasabing lugar ay biglang sumulpot ang mga salarin sakay ng isang motor saka pinagbabaril ang biktima na tinamaan sa likod ng katawan, kanang tenga, at kaliwang kamay na agad nitong ikinasawi.

Nabatid na bago ang pamamaslang sa biktima ay kumuha pa ito ng certificate to file action sa barangay hall para tuluyang ireklamo ang isang barangay official sa kanilang lugar na nangha-harass umano sa kanya matapos silang 'di magkasundo sa pagharap sa barangay.

Matapos umano iyon ay may napansin na ang mga kapitbahay na paikut-ikot na lalaking naghahanap sa biktima sa kanilang lugar.

Si Tandiama ang tumayong pangunahing witness laban sa isang barangay tanod na si Nestor Delizalde na itinurong suspek makaraang makita ni Tandiama na lumabas ito galing sa isang bahay kung saan nadiskubreng pinatay sa saksak ang isang Evelyn Tan, opisyal sa isang kilalang bangko; ina nito na 74-anyos na si Teresa; at 22-anyos na kasambahay na si Kristina Bartolay noong November 11, 2012. **(leonard basilio)**

# CA voids CHED closure of underperforming nursing schools

MANILA -- The Court of Appeals (CA) nullified a directive of the Commission on Higher Education (CHED) ordering the phaseout of the Bachelor of Science (BS) in Nursing Program of local schools that failed to achieve 30 percent passing average in the nursing board examinations from 2008 to 2010.

In its 12-page decision dated February 12, the appellate court's 16th Division through Associate Justice Danton Q. Bueser granted the petition filed by the Philippine College of Health Sciences (PCHS), a Manila-based school, in connection with CHED Memorandum (CMO) No. 18, series of 2011, which imposed the phaseout of the BS Nursing Program of all higher education institutions (HEIs) with average passing percentages in the Philippine Nursing Licensure Exam (PNLE) of below 30 percent for the years 2008 to 2010.

The CHED issued the memorandum in 2011 after what it said was "a swindling and disturbing decline in the national passing percentage", indicating that the results of the nursing board exams were at 35.25 percent, the lowest at the time from 2006.

From 2008 to 2014, PCHS's Nursing Program had a passing average of between a high of 32 percent in 2008 to a low of 18.77 percent in 2012.

In siding with the school and setting aside the CHED's order, the CA said the closure was arbitrary and had deprived the school of due process since, at the time, a prior CHED order (CMO No. 14, series of 2009) provided that the implementation of the phaseout of underperforming nursing schools shall commence on 2013 and that the basis for evaluation shall be the result of PNLE for the years 2010, 2011 and 2012.

The CA said when the PNLE results for 2008, 2009 and 2010 were issued, "there was nothing left to be done but for the prejudiced HEIs to be subjected to immediate phaseout of their BS Nursing program despite the lack of prior notice".

Sanctions, such as closures, the CA said "must be applied only to acts and events transpiring after its enactment, and not to those that occurred and were caused by persons who relied on the previous CMO and acted on the basis thereof,"

The CA added that the provisions of the enacting law afford CHED other means and resources for the betterment of nursing education in the country.

"These are avenues which CHED must first exhaust before resorting to harsh remedies. The punitive sanction of immediate phaseout of BS Nursing program in view of the circumstances is therefore considered excessive and arbitrary." the court added.

Associate Justices Geraldine C. Fiel-Macaraig and Walter S. Ong concurred. **(PNA)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
Mortgagee/Assignee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

**F.C. NO. 16943-19**

**JOSE L. SERING, JR**, married to **MARISSA V. SERING**
Mortgagors,
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION** , Mortgagee/ Assignee, with principal place of business at 7/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **JOSE L. SERING, JR.** married to **MARISSA V. SERING**, Mortgagor, with residence and postal address at Lot 10, Blk. 4, Golden City-Imus, Brgy. Anabu 2, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 31, 2019 amounts to **TWO MILLION FIVE HUNDRED TWENTY EIGHT THOUSAND EIGHT HUNDRED TWENTY FOUR PESOS & 36/100 (Php 2,528,824.36),** Philippine Currency excluding interest and penalties, attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned Sheriff will sell at public auction on **March 17, 2020** at 10:00 a.m or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-374074**

"A parcel of land (Lot 10, Blk.4 of the cons./subd. plan, Pcs-042109-006645, being a portion of Lots 8, 10, 12, 14 & 16, Blk. 4, Pcs-04-006191, L.R.C. Rec. No. 8843 ), situated in the Brgy. of Anabu II, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Is. Of Luzon. Bounded on the SW., along line 1-2-3 by Road Lot 5, Pcs-04-006191, (8.00 m. wide), on the NW, along line 3-4 by Lot 12, Blk.4; of the cons/subd. Plan. on the NE., along line 4-5-6 by Lot 11, along line 6-7 by Lot 9 all of the Blk. 4, Pcs-04-006191, on the SE, along line 7-1 by Lot 8, Blk.4, all of the cons/subd. Plan. x x x containing an area of **ONE HUNDRED TEN SQ. METERS & 12 SQ. DECIMETERS (110.12)**" x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **March 24, 2020** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **January 22, 2020**

**WILMAR M. DE VILLA**
Sheriff IV

**APPROVED:**

**REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**

5/F Filomena Bldg.104 Amorsolo St.
Legaspi Village, Makati City

**SPS. JOSE, JR. AND MARISSA V. SERING**
Lot 10, Blk. 4, Golden City-Imus, Brgy. Anabu 2
Imus, Cavite and 170-C Suerte St., Pasay City 1300

**Publication: HANEP** February 24, March 2 and 9, 2020

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,** (otherwise known as PAG-IBIG Fund)
Mortgagee,

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

**F.C. CASE No. 16975-20**

**MERRY JANE C. DADOR** married to **CLAUDIO V. DADOR**,
Mortgagors,
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND** (otherwise known as **PAG-IBIG FUND**), Mortgagee/Assignee, with principal place of business at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against **MERRY JANE C. DADOR** married to **CLAUDIO V. DADOR**, Mortgagors,with residence and postal address at Lot 34, Blk. 4, LANCASTER Residences, Ph. 2, Brgy. Alapan I, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of December 27, 2019 amounts to **SIX HUNDRED SIXTY TWO THOUSAND FIVE HUNDRED SEVENTY SEVEN PESOS & 11/100 (Php 662,577.11), Philippines Currency including interest and penalties charges** but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned will sell at public auction on **April 21, 2020** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan ng Katarungan, Aguinaldo Highway,Imus, Cavite, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following properties with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2011020121**

"A parcel of land (Lot 34, Blk. 4 of the cons. and subd. plan, Pcs-04-024477, being a portion of the cons. of Lots 1626-A to 1626-C, Psd-04-035618, 1628-A & 1628-B, Psd-04-012331 & 1625, Imus Estate L.R.C. Rec. No.8843), situated in Brgy. of Alapan 2, Mun. of Imus, Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 33, Blk. 4; on the SW., along line 2-3 by Lot 32, Blk.4; on the NW., along line 3-4 by Lot 36, Blk.4; all of the cons. and subd. plan x x x containing an area of **FORTY (40) SQUARE METERS**"xxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **April 28, 2020** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, **January 11, 2020.**

**WILMAR M. DE VILLA**
Sheriff IV

**APPROVED:**

**REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
(otherwise known as **PAG-IBIG FUND**)
The Petron Mega Plaza Building, No. 358
Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City 1200

**ATTY. CAESAR S. EUROPA**
EUROPA DACANAY CUBELO EUROPA
AND FLORES LAW OFFICE
3/F Lopez Bldg., Candelaria St., Ecoland, Davao City 8000

**SPS. MERRY JANE AND CLAUDIO V. DADOR**
Blk. 4, Lot 34, Lancaster Residences, Ph.2, Brgy Alapan I, Imus, Cavite and Blk.4, Lot 34 One Lancaster Lane, Brgy. Alapan 2, Imus, Cavite

**Publication: HANEP** February 24, March 2 and 9, 2020

# 163RD FOUNDING ANNIVERSARY NG CARMONA AT ANG KAARAWAN NI MAYOR LOYOLA

**PATULOY ang pagsisikap ni Atty. Roy M. Loyola, municipal mayor ng Carmona, Cavite para sa naturang bayan.**

Hangad ng alkalde na ang Carmona ay manatili bilang isang bayang mayroong masayang pamayanan.

Kaakibat na rin ang masidhing adhikain ni Mayor Loyola na ang Carmona ay lalo pang magiging maunlad na bayan.

Bahagi ito ng pananaw ng alkalde bilang pagbati sa ika-163 pagkakatatag ng Carmona, na kabilang sa mga natatanging first class municipalities.

Samantala, nitong nakaraang Monday (Feb. 17) Flag Raising Ceremony ay ipinaabot ni Mayor Loyola ang pasasalamat sa lahat na naging bahagi ng kanyang kaarawan.

Umapaw ang labis na kagalakan ng alkalde sa nagpamalas ng pagpapahalaga sa natatanging araw niya.

Kaya naman bilang sukli sa pagmamahal ay tiniyak ng alkalde ang higit pang pagiibayo ng serbisyo para sa mga balakin at proyekto na mamamayan ng Carmona ang benipisaryo.

Gayunman, ito umano ay sa tulong na rin ng lahat ng opisyal at kawani ng lokal na pamahalaan ng Carmona kabilang si Congresswoman Dahlia Loyola. **RS**

# DOH Calabarzon intensifies massive info drive on COVID-19

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) – The Department of Health (DOH) Region IV-A has intensified its massive health education and information drive to increase public awareness on the Coronavirus Disease (COVID-19).

In a statement, the DOH Region 4A said its Rapid Response Team composed of health officials of the agency has been providing health education and information to various local health officers, public and private hospital staff, social workers, and barangay health workers in the region.

In a dialogue with private hospitals held on February 11, Regional Director Eduardo C. Janairo stressed that educating health workers on the COVID-19 is important as not to cause panic and hysteria.

"We have to educate and properly inform our health workers on what the disease is all about, its signs and symptoms, how to prevent its transmission, its treatment and what to do in case a patient is identified in their area," Janairo said.

Janairo emphasized that individual and community participation is important to prevent the virus from spreading

"There are so many things that we must learn and do to prevent the spread of the virus and it the proper information must start from us, 'health workers', to properly and accurately handle the information dissemination in the community," the regional health chief added.

To avoid misinformation, Janairo also urged the public to rely only on the official statements and updates from the DOH.

He also advised the public not to share unverified or fake news circulating on social media about the COVID-19.

"Importante na makinig lamang sa mga balita at official information mula sa DOH at huwag nang ikalat ang mga fake news na lumalabas at nababasa sa social media upang hindi magkaroon ng misinformation at magkagulo," Janairo said.

Janairo added that only the DOH is the only primary and credible source of information about the COVID-19.

Since the announcement released by China health authorities on the COVID-19 last January, it has caused panic to the public leading to the shortage of face masks due to fear of the virus. The new strain of virus has also led to proliferation of misinformation on various social media platforms.

As of Sunday noon, Feb 16, the DOH has recorded a total of 16 patients under investigation and no confirmed case of the coronavirus disease in the Calabarzon region. (PIA4A/DOH4A)

# Kauna-unahang "Chocolate Festival – I Love Cacao," idinaos sa Quezon

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)** -Idinaos sa SM City Event Center sa lungsod na ito mula Pebrero 12- 16, 2020 ang kauna-unahang "Chocolate Festival - I Love Cacao" na inorganisa ng Department of Trade and Industry (DTI), Provincial Agriculture Office (PAO) Quezon, Provincial Tourism Office (PTO) Quezon at ng Samahan sa Industriya ng Cacao na Pangkabuhayan ng Quezon (SICAP-Quezon).

May 23 exhibitors mula sa Lalawigan ng Quezon, at ilan mula sa mga lalawigan ng Cavite, Laguna at Batangas ang nakiisa at lumahok sa festival na tinampuakan ng eksibit ng mga produktong mula sa cacao kagaya ng tablea, tsokolate, cake at iba pang mga produkto.

Sa pagbubukas ng festival, sinabi ni Leila Cabreros, Officer In-Charge ng DTI-Quezon na layunin ng naturang aktibidad na maging business matching and learning experience para sa mga traders and exhibitors dahil ito ang kauna-unahang chocolate festival sa Lalawigan ng Quezon.

Sinabi naman ni DTI-Laguna Provincial Director Susan Palo, kumatawan kay DTI-4A Regional Director Marilou Toledo na malaki ang potensiyal ng cacao industry sa lalawigan ng Quezon dahil sa malawak ang plantasyon ng cacao at handa naman aniyang tumulong ang DTI at iba pang tanggapan ng pamahalaan sa mga magsasaka.

Ayon naman kay Dennis Arpia, Technical Director for Operation ng Department of Agriculture, Region IV-A, saan mang panig sa Lalawigan ng Quezon ay angkop taniman ng cacao, kaya ang tunay na labanan ay nasa buhay ng mga magsasaka dahil matagal na umanong maliit ang nagiging hatian ng mga magsasaka sa industriya ng cacao.

Ang Chocolate Festival, dagdag ni Arpia, ay isang pagkakataon para makilala na mga locally-made products mula sa cacao tulad ng chocolate na maaring makilala internationally.

"Isa rin itong pagkakataon upang madagdagan ang hatian o kita ng mga magsasaka na matagal ng nagtatanim ng cacao lalo na ang samahan ng SICAP-Quezon na masipag at matiyagang ibinibigay ang kanilang panahon lalo na at taon ang bibilangin bago pa makita ang bunga ng kanilang mga tinanim partikular na ang cacao," sabi pa ni Arpia.

Sinabi rin ni Arpia na ang Kagawaran ng Pagsasaka ay nagbibigay din ng mga kagamitang pansakahan sa mga magsasaka kapag malaki ang produksiyon ng cacao.

Ayon naman kay Executive Assistant IV and Chief of Staff Jenny Suarez –Lopez ng Pamahalaang panlalawigan, ang Chocolate Festival – I Love Cacao ay isang aktibidad na kung saan ay ibinibida ang iba't ibang locally-produced chocolate ng lalawigan kasama na ang iba't-ibang produktong maaaring gawin mula sa cacao.

"Nasa higit 2,000 ektarya na ang plantasyon ng Cacao sa lalawigan. Isa rin sa mga programang prayoridad na pagtuunan ng pansin ng Pamahalaang Panlalawigan ng Quezon sa pamumuno ni Governor Danilo E. Suarez ang Cacao Industry" sabi pa ni Lopez **(Ruel Orinday/ PIA-Quezon with reports and photo from Quezon PIO)**

# Sakuna sa kalsada; binatilyo nasawi, ginang kritikal

**NASAWI** ang isang menor de edad habang kritikal ang isang 54-anyos na ginang matapos na mabangga habang tumatawid sa magkahiwalay na insidente sa Bacoor City, Cavite.

Kapwa isinugod sa Philippine General Hospital ang biktimang sina Evelyn Fernandez, may-asawa, dressmaker, ng Sitio Malumot Panapaan Village, Bacoor City; habang namatay naman habang ginagamot si Angelo, 15, ng Brgy Molino 3, Bacoor City.

Hawak naman na ng pulisya ang driver ng Lalamove na si Johh Karlo Saganes, 31, ng Blk 5 Lot 6 Drakkar St. Justineville, Brgy. Real 2, Bacoor City; at Aquilino Ambray, 61, casino dealer, ng Block 15 Lot 24 Phase II, Mahogany Drive, Meadowood Executive Village, Brgy. Panapaan VIII, Bacoor City.

Sa imbestigasyon ni Pat. Jerome Asid, ng Bacoor City Police Station (CPS), minamaneho ni Sagenes ang kanyang motorsiklo habang binabagtas ang kahabaan ng Aguinaldo Highway dakong alas-11: 30 ng gabi nang pagsapit sa Brgy Panapaan 7 ay nabangga nito si Fernandez na noon ay tumatawid.

Naunang isinugod sa ospital sa Cavite ang biktima bago inilipat sa PGH dahil sa kritikal nitong kalagayan.

Sa ulat naman ni PSSgt Roy Vincent Reyes, ng Bacoor CPS, dakong alas 12:20 ng hatinggabi nang naganap ang insidente sa harapan ng Kentucky Fried Chicken sa Brgy. Moliono 11 kung saan papauwi ang biktima mula sa isang computer shop at papatawid nang mabundol ng isang kulay puting Honda CRV na may plate number na ZHX 195 na minamaneho ni Ambray.

Gayunman, imbes na tumigil ang kotse ni Ambray ay pinaharurot nito papalayo sa lugar pero naaresto rin ito ng mga awtoridad sa isinagawang follow up operation.

Mabilis namang sumaklolo ang tanggapan ng Bacoor DRMMO at isinugod ang biktima sa PGH kung saan namatay din ito habang ginagamot.

Ang suspek ay sinampahan ng kasong paglabag sa RA 10586, Reckless Imprudence Resulting to Physical Injury and Abandonment of One's Own Vehicle. **GENE ADSUARA**

# Cyber police intensifies patrolling against 'fake news'

QUEZON CITY (PIA)**—The** cyber police will intensify its patrolling on-line to obtain information and thorough details to thwart fake news and any possible illegal activities.

This, after Philippine National Police Chief, Police General Archie Francisco Gamboa has ordered intensified cyber patrol operations and monitoring against fake news circulating on social media platforms.

The PNP Anti-Cybercrime Group (PNP-ACG) and its Regional Anti-Cybercrime Units are directed 'to monitor misinformation circulating in social media involving national or immediate concern, conduct validation and fact-check to provide reports and updates with Facebook for appropriate action.'

"This time, we need to double our effort against the proliferation of false information, most especially about national concerns. We will conceptualize legal offensive against those netizens posting misinformation on social media platforms," Gamboa said.

The PNP Chief also urges the public to refrain posting unverified information which appears to be fake news that leads to create panic and confusion.

Based on the report, the PNP-ACG has launched series of Investigation and validation pertaining to widespread misinformation or fake news with harmful content and panic effect to the community using social media.

At the same time, cybercops are coordinating with the Facebook Philippines through their law enforcement portal and apparently able to monitor various posts proliferating fake news about the Corona Virus Disease 2019 or COVID-2019.

"Facebook PH is providing helpful information and support to people connecting with accurate information about the global and regional health situation particularly on COVID 2019," ACG noted. **(PNP PIO/PIA-NCR)**

# Pinag aaralan dagdag cash gift ng PSC Para sa mga inductees ng Sports Hall of Fame

**Nag-aaral ang board ng Philippine Sports Committee (PSC) upang doble ang kasalukuyang cash gift na ibinigay sa mga inductee ng Philippine Sports Hall of Fame (PSHOF).**

"Susuriin natin kung posible ito sa badyet na mayroon tayo," sinabi ng chairman ng PSC na si Butch Ramirez sa isang pahayag.

Sa kasalukuyan, ang isang inductee ng PSHOF ay tumatanggap ng PHP100,000 alinsunod sa Republic Act 8757, o isang kilos na nagtatatag ng PSHOF.

Nilagdaan noong Nobyembre 25, 1999, ang batas ng PSHOF ay sumasalamin sa mga atleta, coach, at tagapagsanay ng mga Pilipino na nagdala ng karangalan at pagmamalaki sa bansa sa kanilang karera, at ipinakita ang mga katangiang karakter.

Inanunsyo ni Ramirez ang plano ng PSC board na dagdagan ang cash gift matapos ang PSHOF 2020 Committee, na pinamumunuan niya, na ginanap ang unang pagpupulong kamakailan para sa ikaapat na pagsasanay ng awards body.

"Mabuti na't nakilala natin nang maaga upang magkaroon kami ng maraming oras upang pag-aralan ang mga hinirang," sabi ni Ramirez.

Sinabi niya na ang PSC board ay naglabas ng dalawang resolusyon kasama na ang mga rekomendasyon para sa mga susog sa RA 8757. Ang isa pang resolusyon ay upang awtomatikong isama bilang mga nominado ang mga naunang karapat-dapat na nominado na hindi gumawa ng pangwakas na hiwa.

Bilang sports ahensya ng gobyerno, ang PSC ay inatasan ng batas upang ayusin ang Screening Committee at ang pagbibigay ng titulo ng PSHOF sa mga napiling atleta.

Ang mga alituntunin at form ng nominasyon ay ilalabas sa oras para sa pagsisimula ng mga nominasyon sa Marso 1. Ang awards night ay pansamantalang naka-iskedyul para sa Nobyembre 5.

Ang mga nominado ay susuriin ng isang komite na binubuo ni Ramirez, Game and Amusement Board (GAB) chairman Baham Mitra, Kalihim ng Komitimikong Panlalawigan ng Pilipinas na si Ed Gastanes, Pinagsama-sama na Pinagsamang Cycling Federation ng Pilipinas Secretary-General Avelino Sumagui, University Athletic Association of the Philippines (UAAP) executive director Rebo Saguisag, at SEA Games gold medalist at Philippine Olympians Association president Akiko Thomson Guevara.


PSC Chairman William Ramirez

Mga Kaugnay na Kwento
Nagsisimula ang PSC sa proseso ng pagpili ng Hall of Fame
Ang lahi ng Premier mountain bike ay ipinagpaliban dahil sa Covid-19
Pinagtatanggol ng PSC ang mga pangunahing aktibidad sa palakasan sa gitna ng banta ng nCoV
Ang pagiging karapat-dapat sa serbisyo ng 'Espesyal na gov para sa mga iminungkahing atleta
Tiniyak ng PSC na tulungan ang mga programang sports sa NSAs
Sinimulan ng PSC ang pagtalakay sa badyet ng NSA para sa 2020
40 SEAG medalista mula sa CAR upang makakuha ng cash bonus
Ang mga NSA upang ipakita ang mga programa, inaasahan ng Olympic
Pinangalanan ni Casugay na 'Athlete of the Month'

# FIBA 3x3 Olympic qualifiers Phil team lineup pinangalanan na

Ang Samahang Basketbol ng Pilipinas (SBP) ay nagngangalang linya ng Gilas Pilipinas 3x3 para sa FIBA 3x3 Olympic Qualifying Tournament sa Bengaluru, India sa susunod na buwan.

Sa isang pahayag, pinangalanan ng SBP na sina Joshua Munzon, Alvin Pasaol, Mo Tautuaa, at CJ Perez bilang apat na kalalakihan na sasabak para sa isa sa tatlong mga puwesto sa linya sa inaugural Olympic 3x3 event sa Tokyo mula Hulyo 25 hanggang Agosto 2 ngayong taon.

Sina Munzon at Pasaol ang nangungunang dalawang manlalaro sa ranggo ng FIBA 3x3 na indibidwal na ranggo, at sila ay itinuturing na shoot-in dahil sa isang panuntunan na naguutos na magdala ng hindi bababa sa dalawang mga manlalaro na nasa Top 10 sa mga domestic ranggo.

Sa kabilang banda, sina Tautuaa at Perez, ay bahagi ng Gilas 3x3 team na nagwagi ng gintong medalya sa kauna-unahan nitong pagdiriwang ng Timog-silangang 3x3 sa Timog ng San Juan noong nakaraang Disyembre.

Napili ang mga manlalaro kasunod ng isang rekomendasyon mula sa SBP Selection Committee na binubuo ng SBP executive director Sonny Barrios bilang chairman, at coach sina Jong Uichico, Pat Aquino, Ronnie Magsanoc at Eric Altamirano.

Pinangalanan din ng SBP sina Santi Santillan at Karl Dehesa bilang reserba.

Si Santillan at Dehesa, tulad ng Munzon at Pasaol, ay nasa Top 10 Filipino 3x3 player din.

Si Stefan Stojajic ang maging head coach ng Gilas 3x3 squad, at siya at si coach coach Darko Krsman ay sinusubaybayan pa rin ang pag-unlad ng mga manlalaro sa panahon ng kampo ng pagsasanay.

Ang FIBA 3x3 OQT ay tatakbo mula Marso 18-22.


**PCCL BASKETBALL -** ANG maaksyong tagpo sa pagitan ng Letran at San Beda sa kanilang pag haharap sa UAAP / NCAA National Collegiate Championships sa Fil Oil Flying V Centre San Juan. **(RGN)**



**TOPS GUEST -** Si TOPS President Ed Andaya sa kanyang pagpapakilala ang panauhin na skateboard champion, Karate at Quezon City Team Defenders ng NBL. sa ika 56th edition ng TOPS Tabloids Organization in the Philippines Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila. **(RGN)**



**WBC CHAMPION -** MAKIKITA sa larawan si GAB chairman Baham Mitra makaraang pagkalooban ng championship belt Hee Jung Yuh ng Anson, South Korea makaraang magwagi via 6 round via Tko kay Kanyanat Chotchun ng Nakhon Nayok, Thailand sa WBC Female International Super-Flyweight Championship (115 Lbs. 10 rounds ng "Deadly Combination" sa pagsasagawa Highland Boxing International Promotion na ginanap sa Manila Arena, Sta Ana. Manila. **(RGN)**

# PIA 4A strengthens government information network in Calabarzon

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA) —In its aim to strengthen the government information network in the Calabarzon region, the Philippine Information Agency Region 4A (PIA-4A) led the 1st Quarter Calabarzon Association of Government Information Officers (CAGIO) meeting held at Monte Vista Hotspring Resort and Conference Center in this city on February 19, 2020.**

As the development information arm of the government, PIA seeks to broaden its network and enhance the collaboration among the National Government Agencies (NGAs) to ensure that timely, accurate and relevant information from government reaches the public down to the grassroots.

Establishing a confederation of Government Information officers (GIOs) like CAGIO is one way of realizing this goal.

CAGIO Members from Regional Line Agencies (RLA) of Calabarzon sat down to elect the Interim Chairperson and Co-Chairperson in order to set the direction and ways forward of the association.

The Department of Environment and Natural Resources Region 4A (DENR 4A) RPAO Chief Ann Hazel Javier was elected as the Interim Chairperson and the Co-Chair is the Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Agriculturist Veverlyn E. Samadan.

To formally establish the CAGIO, part of the meeting is the discussion, revision and adoption of the constitution and by-laws of the association.

The GIOs also shared about the best practices of their respective agency in terms of information dissemination.

Interim Chairperson Javier pointed out the importance of knowing the current practices of each agency that will help identify the starting point of CAGIO's undertakings and eventually harmonize all the communication efforts and initiatives of the member agencies.

A needs assessment survey will likewise be conducted among the members in order to determine the kind of trainings they should organize for capacity building of the GIOs.

The Interim Chairperson expressed gratitude over the initiative of PIA Calabarzon to gather the GIOs and revive the association.

"I think we all need that support for each other kasi it is very toxic to be an information officer at this time, it's a very challenging times for all of us as government workers and so let's find strength in each other, let's look at the best practices of each other and learn from those and use that to support each other," she stated. **(Joy Gabrido/ PIA4A)**

## ERRATUM

**NOTICE** is hereby given that the notice of extra judicial sale re HDMF vs **ROWENA B. SACAREZ married to ALBERTO G. SACAREZ** under **TCT-No. 077-2015001381** was erroneously published in this newspaper "**HANEP**", dated January 27, February 3 and 10, 2020, as Lot 10, Blk. 11, St. Joseph Homes, Inocencio, Trece City, Cavite instead of "**Lot 10, Blk. 11, St. Joseph Homes, Inocencio, Trece Martires City, Cavite"** which was the correct entry.

**HANEP**: February 24, 2020

# Mitsubishi Montero, tugis ng pulisya

**PINAGHAHANAP** ng Cavite Police ang isang kulay itim na Mitsubishi Montero na may plakang ABP 3382 na hinihinalang ginamit ng mga magnanakaw at tumangay ng tinatayang P185,000 cash mula sa vault ng dalawang establisyemento sa magkahiwalay na lugar sa Cavite.

Sa ulat ni PMSgt Rolando Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas 9:15 Miyerkules ng umaga nang natuklasan ang pagkawala ng vault na naglalaman ng P40,000 sa loob ng tanggapan ng LBC Dasma Stall 1, JEC Building, Brgy Zone 4, Dasmarinas City.

Ayon sa salaysay ni Eric James Joriza, dumating siya sa kanilang opisina nang napansin nito na ang lock ng pintuang roll up ay nasira at nawawala rin ang vault na naglalaman ng P40,000.

Nang rebyuhin ang CCTV ng kumpanya, nakita na isang kulay itim na Mitsubisho Montero Sport na may plakang ABP 3382 ay pumarada sa harapan at lumabas ang tatlong kalalakihan, sinira ang lock ng roll up saka pumasok.

Ganito rin ang natuklasan ng empleyado ng Mang Inasal Restaurant sa Crossing Silang Junction sa Bgry San Jose, Tagaytay City.

Sa salaysay ni Ferdinand Sampayan, crew ng restaurant, kay PSMSgt Norberto Itchon, ng Tagaytay City Police Station, dumating ito dakong alas 6:45 Miyerkules ng umaga nang napansin na bukas ang pintuan at nawawala ang chain lock nito.

Inisip ni Sampayan na may naunang empleyadong pumasok sa kanila pero pagpasok sa loob ay walang tao pero nang nag-time in sa Managers Office ay napansin na nawawala ng vault na naglalaman ng tinatayang P145,000 na kita ng restaurant.

Nang rebyuhin ang CCTV footages na isang kulay itim na SUV na may plakang ABP 3382 ang pumarada sa harapan ng restaurant, bumaba ang 5 katao, pinutol ang kadenang bakal, pumasok at tinangay ang vault na naglalaman ng P145,000. **GENE ADSUARA**



**PINANGUNAHAN** ni Paranaque City Mayor Edwin L. Olivarez ang pamimigay ng mga relief goods, mga banig at iba pa para sa mga biktima sa sunog sa Purok 4 at 5 Silverio Compound, Brgy. San Isidro kasama sina FL Ate Janet Olivarez, Congressman Eric L. Olivarez, 1st District Councilor Tess De Asis, CENRO- Bernie Amorao, Brgy. Captain Noel Japlos, Kgwd. Shiela Bernal. **(JIMMY HAO)**

# Women coffee processors undergo DOST-CALABARZON trainings

**CALAMBA CITY,** Laguna (PIA) -The Department of Science and Technology (DOST) CALABARZON spearheaded a series of forum and trainings for women micro entrepreneurs specifically for women coffee processors in Calabarzon on February 10-13, 2020 at the DOST Calabarzon regional office in Los Banos.

According to DOST-CALABARZON, the series of forum and trainings were organized in support to Philippine Commission on Women's (PCW) focus area on Women's Economic Empowerment (WEE) and in preparation for the assistance to be provided for the women coffee processors.

DOST-CALABARZON, in partnership with PCW-WEE project, eyes to assist women entrepreneurs in complying with basic food safety standards to acquire license to operate (LTO) and certificate of product registration (CPR) from the Food and Drug Administration (FDA).

During the training, Ms. Anna Rina Evangelista talked about the processes involved in securing LTO and CPR from the FDA while the Food Safety Team of DOST CALABARZON discussed basic food hygiene, good manufacturing practices and food safety hazards.

The participants commended the initiative of DOST-CALABARZON and PCW to capacitate women entrepreneurs in CALABARZON.

Dr. Estela Taño of Green Rescue said "Nakita ko ang mga dapat gawin to acquire LTO at CPR. Gayundin, ang mga dapat bantayan sa negosyo ng pagkain: contaminants; hazards; at toxins. Mapapataas din ang quality ng finished product, self-confidence in the business, at consumer's confidence/ [trust]."

(I learned the steps in acquiring LTO and CPR. Also, those things to be watched in the food business like contaminants, hazards, and toxins. The quality of the finished product will also be improved, gain self confidence in the business and consumer's confidence/trust.)

"Malaking tulong po ang seminar na ito dahil ito po ay nagbigay sa amin ng kaalaman kung paano magiging safe at quality ang aming produkto at paano o ano ang mga dapat naming gawin para maka comply sa requirement ng FDA. Maraming salamat po! Please, more quality seminars like this." Ms. Emmalyn Rubrico of AbsMush added.

(The seminar is a big help because it gave us information on how to make our products safe and with quality and what to do to comply with the FDA requirement. Thank you so much.)

Next activities laid out for this plan is the writeshop on Good Manufacturing Practices (GMP) manual and records preparation, implementation, mock audit, and turnover of packaging and labelling assistance to the MSMEs.

PCW-WEE is a project supported by DOST-CALABARZON that aims to provide women "access to and control over high-value productive resources". It supports women in accessing more and better jobs, starting and doing businesses, and having greater livelihood security. WEE envisions women to have "decent jobs and humane working conditions, while enjoying benefits from wealth-creating opportunities equal with men" **(Philippine Commission on Women, 2009). (Myrrh Caithlin L. Gutierrez, DOST-CALABARZON/ PIA-4A)**

# PDIC katuwang ang media sa pag-papaabot ng serbisyo publiko

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA) --Nanawagan ang Philippine Deposit Insurance Corporation o PDIC sa lokal na media na maging katuwang sa pagpapalaganap ng impormasyon ukol sa mga serbisyong kanilang ibinibigay.**

Nagsagawa ang PDIC ng kauna-unahang Media 101 na dinaluhan ng mga lokal na media mula sa lungsod na ito at mga karatig-bayan noong ika-12 ng Pebrero 2020.

Layon nitong maipakilala ang kanilang ahensya at maging katuwang ang media sa pagpapa-abot ng mahahalagang impormasyon at serbisyo na maaaring makatulong sa publiko.

Isa sa mga programang isinulong ng ahensya at ipabatid sa publiko ay ang isinagawang PDIC Caravan sa Calamba City Hall sa noong na ika-19 hanggang ika-20 ng Pebrero.

Sa temang "Abot-Lingkod Program," ang naturang caravan ay naglalayong makapag-abot ng tulong at makapagbigay kaalaman sa publiko hinggil sa deposit insurance, loans at iba pang mga serbisyo ng ahensya.

Pangunahing hinihikayat ng PDIC ang mga depositors, borrowers, creditors lalo't higit ang mga kliyente ng mga nagsaradong bangko noong mga taong 2018 at 2019 mula sa Empire Rural Bank, Women's Rural Bank, Tiaong Rural Bank, Rural Bank of Pagbilao, Rural Bank of Mabitac, Rural Bank of Lemery, AMA Bank at Maximum Savings Bank na dumalo sa Caravan upang sila ay mabigyan ng tulong.

Ayon kay Vice President of Corporate Affairs Group Jun Villaret, ang layunin ng PDIC ay maprotektahan ang mga depositors at matulungan ang mga ito na magkaroon ng financial stability sa pamamagitan ng insurance coverage gayundin ang maisulong na magkaroon ng mandatory deposit insurance coverage system sa lahat ng bangko sa bansa.

Magsasagawa rin ng mga karagdagang financial literacy lectures sa mga piling eskwelahan sa lungsod ng Calamba bilang bahagi naman ng kanilang Be a Wise Saver (BAWS) campaign, makikipag-ugnayan din sila sa mga real estate developers and brokers upang maipagbigay alam sa mga ito ang mga properties na bukas at handa para sa public bidding. **(RJCG/ Maine Odong/PIA4A)**




In line with the upcoming "World Consumer's Right Day" on March 15, one of DTI Region 4A's activity is a competition for Best Urban Ecological Garden among their primary cooperatives and one of their chosen model is the DENR PENRO Rizal Ecological Garden. The thirty-three (33) participants are from Rizal Federation of Cooperatives located at Brgy. Calumpang, Binangonan, Rizal who visits the PENRO Ecological Garden this Tuesday, February 18, 2020. PENR Officer Isidro L. Mercado warmly welcome the guests through quick but informative speech in regards to the establishment of the ecological garden. The tour was led by PEM Officer Ignacia A. Balicas in which she demonstrate and briefly discussed every detail of each garden from waste segregation, recycling to waste diversion. In line with the upcoming "World Consumer's Right Day" on March 15, one of DTI Region 4A's activity is a competition for Best Urban Ecological Garden among their primary cooperatives and one of their chosen model is the DENR PENRO Rizal Ecological Garden. The thirty-three (33) participants are from Rizal Federation of Cooperatives located at Brgy. Calumpang, Binangonan, Rizal who visits the PENRO Ecological Garden this Tuesday, February 18, 2020. PENR Officer Isidro L. Mercado warmly welcome the guests through quick but informative speech in regards to the establishment of the ecological garden. The tour was led by PEM Officer Ignacia A. Balicas in which she demonstrate and briefly discussed every detail of each garden from waste segregation, recycling to waste diversion.

# A total of Php 13,279.80 Worth of Forest Products Apprehended at Calauag, Quezon

A total number of 39 pieces of sawn lumber was apprehended during the rainy afternoon of February 9, 2020, at the bank of Kailogan River, Brgy. Sta. Catallina, Atimonan, Quezon. The lumber was identified as Red and White Lauan with an approximate volume of 442 board feet. The apprehension was headed by CENRO Calauag personnel, together with the Sanguniang Barangay and Kapit Bisig Farmers Association Inc. (KBFAI). The apprehended forest products were proclaimed as abandoned and are currently in custody of CENRO Calauag for safekeeping. The lumber was estimated to be Php Php 13,279.80. An Administrative Confiscation Proceedings will be headed by CENRO Calauag for appropriate storage and disposal of the forest products. Anyone who will be caught cutting and transporting forest products without the necessary permits will be charged for violation of Section 77 of R.A. 7161, formerly Section 68, PD 705, as amended. DENR CALABARZON is urging the public to report Environment and Natural Resources-related, especially illegal logging operation cases via hotline 8888, sms to +639456215007/ +639083340224, email to denr4a.ord@gmail.com or send us photos, videos and other information via https://www.facebook.com/DENR4AOfficial

# Profiling ng 'child laborers' sa Palawan, ipagpapatuloy ng DOLE

**PUERTO PRINCESA, Palawan (PIA)** --- Ipagpapatuloy ng Department of Labor and Employment (DOLE) Palawan ang profiling ng 'child laborer' sa Palawan ngayong 2020.

Ayon kay DOLE-Palawan Field Officer Luigi Evangelista, nangangailangan sila ngayon ng 43 enumerators para sa pagsasagawa ng 'profiling of child laborer' sa ilalim ng Government Internship Program (GIP) na itatalaga sa mga priority areas sa Palawan, partikular sa mga Bayan ng Aborlan, El Nido, san Vicente, Culion, Cuyo, Magsaysay, Rizal, Coron, Busuanga, Araceli, Dumaran, Taytay at Puerto Princesa.

Ayon kay Evangelista, ang pagsasagawa ng child laborer profiling ay base na rin sa pag-aaral na isinagawa ng International Labor Organization (ILO) kung saan nakitaan umano ng malaking porsiyento ng child laborers ang Pilipinas, kung kaya't naatasan ang DOLE na magsagawa ng profiling sa mga natukoy na priority areas.

Nagsimula ang 'child laborer profiling' sa Palawan noong 2018 kung saan mahigit 1,000 ang na-profile ng DOLE; 2,700 naman nitong 2019; at mahigit 3,000 naman ang target na ma-profile ngayong 2020.

"Hindi isinagawa ang profiling upang maparusahan ang mga magulang na matutuklasang mayroong child laborer kundi ito ay ginagawa lamang upang malaman kung anong 'intervention' ang maaaring ibigay ng gobyerno para sa kanila at upang mas epektibong mailayo sila sa iligal na child labor at mga kaparehong uri nito at maibalik sa pag-aaral ang mga bata na isa sa mga karapatan nila," pahayag ni Evangelista.

'Isang milyong batang malaya sa taong 2022' ang target ng DOLE kung kaya't patuloy na isinasagawa ang 'child laborer profiling'.

"Maituturing na child laborer ang bata kung ito'y nagtatrabaho ng mabibigat na trabaho sa murang edad na 12 taong gulang pababa kung saan naaapektuhan sila emotionally, physically, mentally at psychologically," saad pa ni Evangelista sa Kapihan sa PIA kamakailan.

Ang kahirapan din ani Evangelista ang lumalabas sa kanilang profiling sa pangunahing dahilan kung bakit napapasok ang mga bata sa pagiging child laborer.

May nakahanda namang livelihood assistance ang DOLE sa mga magulang o individual man na matutukoy na may child laborer sa isinasagawang profiling.

Sa mga nauna nang naprofile noong nakaraang taon ay may naibigay na ang DOLE Palawan na mga livelihood assistance tulad ng karinderia, welding machine para sa welding shop at iba pa. Ang bawat livelihood assistance ay nagkakahalaga ng P20,000. **(OCJ/PIA-MIMAROPA, Palawan)**

# BOC conducts fuel marking at Jetti Petroleum in Bataan

On 03 February 2020, the Jetti Petroleum, Inc. became the latest fuel company that underwent initial fuel marking activity at the Jetti Petroleum-Bataan Terminal in Mariveles, Bataan.

A total of 17,999,839.00 liters of diesel and 30,121,416.00 liters of gasoline were dosed with official fuel marker by SICPA-SGS after payment of Php345.344M duties and taxes due to the government. The initial fuel marking activity at Jetti Petroleum-Bataan Terminal was done in the presence of representatives of Jetti Terminal, SGS Marking Technicians and BOC Fuel Marking officers.

Since October 2019, the Oilink International Corp. (UNIOIL), Filoil Logistics Corp. and Petron Group were able to comply with FMP. With the recently concluded fuel marking activity at Jetti Petroleum-Bataan Terminal, all oil terminals/ depots at Bataan Province are now 100% compliant with the FMP.

The FMP is mandated under the Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law to curb oil smuggling and misdeclaration of petroleum products in the country and increase revenue collection from taxable imported and locally refined petroleum products. The program uses an official fuel marker, a unique chemical detectable at the molecular level, allowing for authorities to test, identify, and distinguish petroleum products with paid and unpaid duties and taxes in the market.

# BANGS GARCIA, 'MAKAKADALAWA NA'

## HANEP SHOWBIZ

**NICE to hear and know na si Bangs Garcia ay makakadalawa na.**

Yes, buntis muli para sa ikalawang anak niya sa kanyang non-showbiz husband.

Ang mister ni Bangs ay si Lloydi Birchmore, na isang half-Btitish at sila ay ikinasal sa England.

Year 2017 nang iluwal ni Bangs ang kanilang panganay na anak ni Lloydi.

Kaya naman ang eldest nina Bangs at Lloydi na si Amelia ay magiging ate na.

Nakakatuwa nga sa Instagram post ni Bangs kasama ang mister at panganay na anak ay tangan ni Amelia ang ultrasound photo ng kanyang coming soon na kapatid.

Sabi nga ng aktres, ang pagmamahal sa kanilang pamilya ay lalong umuusbong.

Hindi matatawarang kasiyahan habang papalapit ang panibagong kasapi ng pamilya.

Marami na rin ang nais muling masilayan ang aktres sa puting tabing.

Sukat ba naman na si Bangs ay last nating nasilayan o napanood noon pang 2016.

Kasama ang aktres sa cast ng pelikulang 'Dukot' noon with Enrique Gil.

@@@

**CONGRATS**

**RONNIE LIANG**

Batiin lang natin ang singer na si Ronnie Liang for his promotion as a second lieutenant ng Philippine Army.

Iyan ay makaraang matapos ni Ronnie ang military training sa Armor 'Pambato' Division (AD) sa Philippine Army last Valentine's Day.

Malugod na tinanggap ng singer ang kanyang black beret kay AD commander Major General Robert Dauz.

Makabuluhan ang ginawang training ni Ronnie sa Mechanized Infantry Operations Training (MIOT).

Nadagdagan din ang kaalaman ng singer bilang isang reservist kabilang ang battle drills, armored vehicle defensive driving at raid mission training.

As a reservist, last 2018 ang start ni Ronnie bilang boluntaryo para sa Army.

Ang 'Marawi Siege' noong 2017 ang nagsilbing inspirasyon sa singer sa pagpasok sa pagkasundalo.

Congrats Ronnie!

@@@

**PROUD SA IYO POMOY**

Isa pang pagbati huli man daw at magaling kay Marcelito Pomoy.

Hindi man nasungkit ang kampeonato sa katatapos na America's Got Talent 2020: The Champions ay super proud sa kanya ang ating mga kababayan.

Ang Pinoy singer ay ikaapat lamang o idineklarang third runner-up.

Proud sa iyo Pomoy ang lahat!








**(2)**

**NASA** pinakatuktok na sila ng at tanaw na tanaw na ni Mikel ang napakataas na bangin.

Mga ilang hakbang na lamang ang kanilang gagawin ay maaari na silang mahulog sa matarik na bangin.

Ang kaninang malumanay na pagkakahawak ng babae sa isang braso ni Mikel ay nag-iba na.

Humihigpit na at pahigpit na nang pahigpit dahil sa hangaring madala si Mikel sa pinakatuktok.

"Bitiwan mo na ako, 'wag. Ayoko..."

Malakas ang babae, hindi magawang matanggal ni Mikel ang pagkakahawak sa kanyang braso.

Lalaki siya subalit hindi sapat ang kanyang lakas upang tapatan ang sa babae.

Kaya naman gustuhin mang kumawala ay hindi magawa ni Mikel.

Dahilan upang pakaladkad siyang hinahatak ng babae sa paglalakad.

"Ano ba ang gagawin mo? Sumagot ka naman, magsalita ka naman."

Papalapit na nang papalapit ang dalawa sa tuktok at sa tantiya ni Mikel ay mga nasa apat o limang hakbang na lamang.

"Parang awa mo na, bitiwan mo na ako. Ayoko. 'Wag, waaaaaaaaaaaaaaaaggggggggg"

Huli na ang lahat dahil narrating nila ang tuktok at sabay silang dalawa na nagpatihulog.

Tanging napakalakas na hiyaw ng pagkatutol ang nagawa na lamang ni Mikel.

"Wwaaaaaaggggggg...."

Ang himig na iyon ni Mikel ay pumailanlang sa buong kapaligiran.

"Gising...gising apo."

Biglang balikwas si Mikel dahil sa pagkalabit at pagyugyog sa kanya ng lola niya.

"Salamat po lola, 'buti na lang po at dito na kayo sa kwarto ko natutulog."

Ulilang lubos si Mikel at lola na niya ang tumingin at nag-aalaga sa kanya.

Solong anak lamang si Mikel at wala na rin ang kanyang lolo kaya silang maglola na lamang ang magkasama sa bahay.

"Napapansin ko eh napapadalas 'ata."

**(Itutuloy)**

## IISA... IKAW AT AKO

Sa Panulat ni Kuya Arman

**(Ika-49 labas)**

**KAYA** pagkauwi ni Jane ay kaagad niyang hinanap sa isang bag ang cellphone ni Bernard.

"Wala rito sa bag ko ang cellphone mo. Saan mo kaya naiwanan 'yun?"

Kinontak ni Jane sa bagong sim at cellphone si Bernard na sa pagkakausap nila ay labis din ang kanilang pagtataka.

Iisa ang tumatakbo sa isipan ng dalawa na baka ang cp ay doon sa silid ng pinasukan nilang motel naiwan.

"Delikado 'yan at baka malagot tayo, tiyak na mayayari at mabibisto tayo 'pag nagkataon."

"Ano'ng gagawin natin ha? Naku 'wag naman sana na roon sa motel naiwan 'yun."

Halata ang pagkakataranta ni Jane habang kausap sa kabilang linya si Bernard.

Alam din naman ni Bernard na garalgal ang boses ni Jane na palatandaang labis na nababahala.

Kunsabagay si Bernard din naman ay nagsisimula na ring kumabog ang dibdib.

"Relaks ka lang at 'wag kaagad kung anu-ano ang mga iniisip natin."

Kahit kabado na rin naman si Bernard ay hindi siya nagpapahalata.

Kapag ipinakita at ipinaramdam kasi ni Bernard na natatakot din siya ay hindi makakampante si Jane.

"Sir, 'Mam… wala po kayong naiwang cellphone o ano mang gamit dito 'nung nag-check-out kayo."

"Ginagarantiya po namin na kung may naiiwan man po ang aming costumer ay ibinabalik namin 'yun."

Nagpasya ang dalawa na balikan ang motel na kanilang pinasukan para makasiguro.

Ipinaliwanag ng management ng motel ang mahigpit nilang patakaran.

Kumbinsido naman sina Jane at Bernard sa mga ibinigay na paliwanag sa kanila ng manager ng motel.

Pabor naman sa dalawa na hindi nga sa motel naiwan ang cellphone ni Bernard.

Kaya naman kampante ang kalooban ng dalawa lalo na si Bernard sa pagdaan ng mga araw.

"Hello! Magkita tayo kung oks lang sa 'yo. Napakahalaga na magkita tayo."

**(Sundan)**

## SAKU TEPPANYUMMY-EST JAPANESE FOOD IN TOWN AT SM CITY BACOOR FOOD COURT




**SM CITY BACOOR, CAVITE –** We all have that one moment when we crave for the warm excitement that can only be found in a Japanese ramen, the freshly cooked noodles, flavorful broth from the savory slices of meat, distinct Japanese spices, nori and a half-boiled egg. That's probably the best comfort food during gloomy days and rainy season, or the best breakfast to warm up our stomach as we start the day. Good news is, the Teppanyummiest iron griddle- cooked Japanese Cuisine is here at SM City Bacoor - Foodcourt! And, you don't need to wait in long lines because you, your family and friends can always find the best spot as your table! So that's less time for waiting, but more time for bonding as you enjoy the delightful authentic Japanese cuisine Saku Teppanyummy has in store for you for a very affordable price! So come and bring your love ones at Saku Teppanyummy – SM City Bacoor Food Court located at the 4th floor and together, taste the goodness of the best, Tappanyaki in town.





You'd never go wrong in this heavenly combo! Enjoy the best Japanese dining experience only here at Saku Teppanyummy – SM City Bacoor Food Court located at the 4th floor!



The best California Maki is here! May it be for dine-in or takeaway, enjoy this meal to complete your day! This beaut's good for sharing too! Thinking about your next party? You might want to try sharing this instead. For sure, everyone's going to love it!



A closer look of the best California Maki perfect for sharing with your folks! Grab them at Saku Teppanyummy at SM City Bacoor – Food Court located at the 4th floor.

## STEAK ALL YOU WANT AT PRIME STEAK HOUSE – SM CITY BACOOR FOOD COURT!

**SM CITY BACOOR, CAVITE** – Perfect for special occasions - that's what we thought about steaks. After all, steaks doesn't come cheap and always available in restaurants. Good to know that we don't need to wait for scheduled date nights and wait in long lines! Now, we can afford our favorite, for all occasions at SM City Bacoor! Enjoy unlimited steak for only P699 at Prime Steak House and seize the moment as they serve you the best, the juiciest, and the most tender steak you can have in town! Hurry and take your family and friends with you! Prime Steak House is ready to accommodate you at the 3rd floor of SM City Bacoor. Enjoy!




## BURSTING FLAVORS AT SIZZLING PLATE – SM CITY BACOOR FOOD COURT

**SM CITY BACOOR, CAVITE** – Sizzle your way to your man's heart with Sizzling Plate's sumptuous dishes all served sizzling hot! Take your date and grab these delightful meals as you catch up and bond at SM CITY BACOOR Food Court! Try their ever-famous Sizzling Sisig served with buttered corn, carrot, and peas on the side and sunny side up egg for your lunch and you'd surely be full with its satisfyingly crunchy bits and and flavorful meat! If steaks are your thing, then don't miss trying their Porterhouse Steak cooked in their signature sauces, juicy, tender, and mouth wateringly good! You can also choose with their wide array of dishes, all served sizzling good and flavorful for you. So come and treat your friends and family for here and get the best deals at Sizzling Plate – SM City Bacoor Food Court located at the 4th floor.






The power combo for you and your perfect pair! Stop craving and come here at Sizzling Sisig - SM City Bacoor Food Court located at the 4th Floor!



Hungry yet? The best Porterhouse Steak is waiting for you, your family and the whole Barkada at SM City Bacoor Food Court!



Sizzling Plate loves you so much they made a recipe just for the Valentines season! So hurry and bring your favorite person here and try their Thai Peanut Beef!

## WRAP UP YOUR DAY WITH TURKS SM CITY BACOOR FOOD COURT!




**SM CITY BACOOR, CAVITE –** Tired of a long day at school or work? Why don't you grab a bite of Turks' delicious Pita Doner in Chicken or Beef! Meat lovers out there can even have them in all-meat! Complete your meal with the crunchy Turks Fries on the side and your favorite soda drinks. And who says Turk's are just for snacks? Get satisfyingly full with their Premium Rice meals as you catch up with your friends on your favorite Food Court spot! Try their flavorful and juicy Beef Doner Steak, Doner on Rice, and Turks Doner Bowl and beat that hunger with the best Shawarma in town. So hurry and enjoy their mouth-watering dishes at Turks- SM City Bacoor Food Court located at the 4th floor.

# TOTOY NA TULAK NG 'DAMO' SA MGA ESTUDYANTE, TIKLO

**ARESTADO** ng Cavite police ang isang menor de edad na hinihinalang tulak at supplier ng marijuana sa ilang estudyante sa isang buy bust operation sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite.

Hawak ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang naarestong suspek na si JR, 17, out of school youth, ng Brgy san Jose GMA.

Pinaghahanap ang kasama nitong si Mark Louie Hernandez, nasa wastiong edad, ng Block 17 Lot 59 Brgy San Jose, GMA, na nasa drug watch na tulak.

Sa ulat ni PMSgt. Jonarey Gajolin Visca, ng GMA Municipal Police Station, dakong alas-4:30 ng hapon nang nagsagawa ng buy-bust operation ang mga miembro ng Station Drug Enforcement Unit(SDEU) sa Block 17 Brgy San Jose kung saan target ang mga suspek.

Pero sa kalagitnaan ng transaksiyon, naramdaman ni Hernedez na pulis ang kanilang kausap kaya mabilis itong nakatakas at naiwan si JR na nagresulta sa pagkakaaresto.

Narekober sa suspek ang mga pinatuyong dahon ng marijuana , high grade marijuana leaves (kush), drug paraphernalias at bulto-bultong pinatuyong dahon ng marijuana na nakalagay sa isang bagpack na may timbang na 2 kgs na may street value na P40,000.

Nabatid na ang nasabing operasyon ay nagugat sa sumbong ng ilang estudyante sa iba't ibang eskuwelahan mula sa elementarya at high school kung saan bukang bibig ang pangalan ni JR na umano'y nagbebenta ng marijuana sa mga estudyante. **GENE ADSUARA**

# PASTILLAS SCHEME , PAIIIMBESTIGAHAN NG IMMIGRATION

**TINIYAK** ng Bureau of Immigration (BI) Commissioner na hindi sasantuhin ang nasa likod ng "pastillas scheme" na ibinulgar ni Senator Risa Hontiveros.

"I am deeply alarmed hearing reports from the good Senator Risa Hontiveros that this escorting modus is still persistent in our airports," said Morente. "I have ordered a full-blown investigation to know if such corrupt practices still exist, and to find out who are possibly part of this syndicate to file both administrative and criminal cases against them," ayon kay Morente.

Ayon kay Morente, makikipag-ugnayan sila sa tanggapan ni Hontiveros para makahingi ng kopya hinggil sa kanyang ibinulgar.

"We are not taking this lightly," ayon kay Morente. "We have spent the last four years implementing reforms to clean up the system. For the past year, we have denied the entry of 7,724 foreign nationals in our intensified drive against undesirable aliens. This issue is a major blow to the Bureau and to our efforts," dagdag pa nito.

Sinabi ni Morente na hiniling na nila sa Department of Justice (DOJ) at National Bureau of Investigation (NBI) na imbestigahan ang mga maling gawain sa airport kung saan noong January 22 ay inatasan ang NBI ng DOJ na magsagawa ng case build up hinggil sa pagkakasangkot ng ilang opisyal at personnel ng BI hinggil sa escort services at human trafficking.

Ayon pa kay Morente na ang kagawaran ay nagsuspinde na ng 70 mga empleyado nito sa iba't ibang kaso habang 2000 na kaso naman ang kanilang isinampa laban sa mga tiwaling empleyado at bumuo na rin ito ng fact-finding committee na magimbestiga sa pamumuno ni Deputy Commissioner J. Tobias Javier.



A team from PIA CALABARZON led by Regional Head Ma. Cristina Arzadon (6th L-R) joined by COA Region IV-A Auditors Elen Luarca and Rhodora G. Macatangay trooped to Laurel, Batangas and delivered hygiene kits to 46 families or 154 individuals who remain in a basketball court at the Leviste evacuation site in Laurel, Batangas. **(Photo by PIA-4A)**

# President Duterte leads inauguration of Sangley Airport

CAVITE CITY, Cavite (PIA) – President Rodrigo Duterte returned to Sangley Point after his visit last June 12, 2019 this time to lead the inauguration of the Sangley Airport Development Project (SADP).

This is one of the key projects of the Duterte Administration under the "Build Build Build Program" which aims to provide critical aviation infrastructure to help decongest the Ninoy Aquino International Airport's (NAIA) increasing air traffic congestion.

In his inaugural speech last Saturday, February 15, President Duterte stressed that, "through prudent spending under competent managers, the state can complete projects that are beneficial to the people."

He also indicated his stand for opposing any type of land reclamation by the private sector except for priority government projects.

"Not during my time. I will only allow maybe plans of whatever reclamation if it is in connection with the government project. I will not allow massive reclamation for the private sector. Not now. Because if you approve one, you approve all," the President said.

During the event, a two-minute video presentation of the Sangley Airport Development Project (SADP) was shown after which Gov. Jonvic Remulla briefed the President on the project expansion which the Department of Transportation commenced in October 2019.

The President duly commended the efforts of DoTr Secretary Arthur Tugade for expediting the completion of the airport facility with target date of completion in March 2020 but completed ahead of deadline due to 24/7 construction works.

On the other hand, Cavite Governor Jonvic Remulla presented to the President the provincial government's plan to develop the Sangley Point International Airport (SIA) under its Public-Private Partnership (PPP) to provide critical aviation infrastructure to help decongest NAIA and serve as a long-term international gateway for metro manila and the CALABARZON region

The facility is now 100-percent operational with a newly-constructed 750 sqm. Passenger Terminal Building that can accommodate 160 passengers, equipped with Flight Information Display Systems (FIDS), CCTV, X-ray and baggage handling and weigh-in conveyor to support its operations.

The Sangley Airport is currently being used for general aviation operations catering to turbo-prop aircraft for commercial cargo operations. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite)**

"I have also implemented an immediate total revamp of our airport personnel, all terminal heads, and all Travel Control and Enforcement Unit heads," ayon kay Morente. "We will not take this sitting down. As seen in past cases against erring personnel, we will not hesitate to impose harsh penalties to those who are found to be committing corrupt practices," he warned. "The directive of the President is clear. Eliminate corruption, and this is what I intend to do," dagdag pa nito. **GENE ADSUARA**




## HIGH QUALITY, NAKUHA SA TIYAGA!

Sa pambungad na karerang naganap nung nakaraan sa pista ng Santa Ana Park ay nakuha sa tiyaga ng hineteng si Ayie Tancioco ang sakay niyang kabayong si High Quality na habulin at talunin pagdating sa meta ang bumanderang kalaban na si Hotdog na sakay ni John Santiago. Tumersera sa kanila ang diremateng si Magic Carpet Ride ni Jerry Siego. Sa karerang iyan ay hindi maganda ang naipakita ng mga kabayong sina Jacobo's Magic at Bowties And Charms na parehong bumenta rin sa takbuhang iyan. Sa sumunod na takbuhan ay napagtiyagaan din ng hineteng si Jerry Siego na talunin ang nauunang kalaban na si Geneva ni Howard Ramos, tumersera sa kanila si Gee's Song ni Jommel Lazaro. Tila nag jogging lamang ang bagitong mananakbo na si Arrogante sakay ng hineteng si Oneal Cortez upang maka graduate na sa kanilang maiden assignment laban kay Cool Mom ni Jesse Guce. Sa Ganda naman ng pananakay na nagawa ni apprentice rider Adrian Bufete sa kabayong si Arimunding Munding ay nakabanderang tapos sila at hindi na umubra pang makahabol ang paborito sa lahat na si Kentucky Rain ni Oneal Cortez kasunod ang dehadong si Dedication ni Rey Niu Jr. Mainam talagang rumemate sa labas ang kabayong si Dimakya Island na ginabayan ni Ayie Tancioco, kaya walang anuman na dinaanan lang ang nasa unahan nilang si Happy Man ni Jerry Siego. Isang bulagang panalo naman ang nagawa ng dehado sa lahat na si Runawayfromarosenot ang ibinida ni Ryan Base, kaya nagbagsakan tuloy ang mga natirang live sa penultimate race dahil sa kanilang pagkapanalo. Sa pinakahuling takbuhan naman ay hindi nabigo ang lahat ng tumaya sa outstanding favorite na si Madam Butterfly na sinakyan ni Claro Pare Jr. sumegunda sa kanila si Kid Baloloy ni Pabs Cabalejo at tumersera naman si Sky Dancer ni Apoy Asuncion.

HANEP
Basahin Mo Ito!

# 'NAGSARILING SIKAP' SA HARAP NG DALAGA, SWAK SA SELDA

**SWAK sa kulungan ang isang 27-anyos na binata nang naglabas ng ari at 'nagsarilin sikap' sa harapan ng isang dalaga sa Imus City, Cavite.**

Kasong unjust vexation ang isinampa laban kay John Kenneth Salazar, housekeeper, ng Block 17 Lot 18 Phase 3 Greengate Homes Malagasang 2-A Imus City, dahil sa reklamo ni "Mariel", 24, ng naturang lugar.

Sa ulat ni PSSgt John Carlo Punzalan, ng Imus City Police Station, papauwi na ang biktima dakong alas-9:00 ng umaga at pagsapit sa kanilang harapan nang naabutan ang suspek na nakatayo at biglang inilabas ang ari at nag-masturbate sa kanyang harapan.

Nagsumbong naman ang biktima sa kanilang kapitbahay na siyang nagreport sa kanilang barangay na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek. **GENE ADSUARA**





**NAGSAGAWA** ng 'charity ride' ang mga myembro ng ACE-DRIVEN RIDERS BROTHERHOOD INC. at namahagi ng 1,000 relief goods sa 200 pamilyang biktima ng pagsabog ng Bulkang Taal sa Barangay Matipoc Calaca Batangas, sakop ni P.B. RONYLEE VALENCIA BITANG. **(Christian Heramis)**



**ARESTADO** sa National Bureau of Investigation ang apat na Chinese nationals at isang Pinay sa kasong kidnapping at serious illegal detention. Kinilala ng NBI-SAU ang mga suspek na sina Dong Daheng, Lu Lihui, Zhang Xiaolin, Ye jintao at Michelle Rosario Melendez. **(Christian Heramis)**




## *Dapat kalusin abusadong judge at court employees; Umusbong na naman Checkpoint/Oplan-Sita*

**SA** pamamagitan ng 16-page per curiam decision bukod sa pagkakasibak ng Supreme Court ay hindi rin makakatanggap ng retirement benefits ang isang judge ng Municipal Trial Court Cities (MTCC) ng San Jose City, Nueva Ecjia.

Ang naturang judge ay nakitaan din ng paglabag sa Sections 5(g), Canon 3, at Sections 1 at 4, Canon 4 ng 2004 Rules of Judicial Conduct dagdag pa ang gross ignorance of the law kaya kasama rin sa kautusan ng SC ang perpetual disqualification mula sa public service laban sa kanya.

Sa pagkakalabag naman sa Section 1, Rule 137 ng Rules of Court ay pinatawan ng multang P30,000 ang judge.

May anonymous complaint na inihain sa opisina ni Deputy Court Administrator Jenny Lind R. Aldecoa-Delorino noong July 3, 2014 laban sa naturang huwes.

May kinalaman ito sa dininig at dinesisyunang kaso ng judge na kinasasangkutan ng mister niya, member ng board of directors ng isang kooperatiba na mayroong nakabinbing kaso sa kanyang sala.

Kasama rin sa reklamo ang umano'y hindi magandang pagtrato sa mga defendants.

Sinasabi pang hindi umano kumuha ng travel authority sa korte noong March 2009 bago ito pumunta sa ibang bansa.

Pagpapakita ito ng hindi pag-inhibit ng huwes sa kaso na ang nasasangkot ay mister niya.

Ginawa ng SC ang kapasyahan upang ang integredidad sa hanay ng hudikatura ay mangibabaw.

Tama po iyan, dapat kinakalos ang mga mapapagsamanatlang judge at maging ang mga abusadong court employees.

@@@

NAPANSIN po ba ninyo ang muling pag-usbong ng mga police checkpoint at oplan sita sa mga lansangan?

Aktibo na naman mula nang paigtingin ng Philippine National Police ang kanilang 'No Take Policy' laban sa illegal gambling at sa lahat ng uri ng kailigalan.

Kung palilikutin ang isipan at bibigyan ng negatibong pakahulugan, ano po sa inyong palagay?

Anyway, wala namang masama o problema kung ito man ay aktibong muli.

Sa katunayan ay ginagawa naman ito dati pa ng kapulisan subalit napansin lamang na tila mas agresibo sa ngayon.

Alam naman nating ang mga rider o nagmamaneho ng single motorcycle ang paborito rito.

Pero ano ikababahala o ikatatakot kung kumpleto naman sa papeles, may lisensiya sa pagmamaneho, nakasuot ng helmet, walang depekto ang motorcycle at walang ano mang paglabag.

Iyon nga lamang ay talagang abala dahil sa dami ng checkpoint na madaadaanan.

Ngayong pinalalakas na naman ang checkpoint o oplan sita, dapat ay magiwan ng matinding 'bakas' ito sa lahat ng nagmomotor.

Ibig sabihin, sa pamamagitan nito ay maibibigay ng kapulisan ang tama at kaukulang disiplina sa bawat rider.

Iyong tipong may checkpoint man o wala ay maitatatak ng kapulisan sa isip ng rider ang takot.

Takot na kaakibat ay disiplina na ang ibig sabihin ay wala na tayong makikitang nagmomotor na napakarami ang paglabag.

Paglabag dahil walang suot na helmet ang driver na minsan pati ang angkas o parehong nakashorts at tsinelas lamang.

Tanong pa ay bakit may malalakas ang loob na ang tatapang magmotor kahit walang papeles o meron man ay palso na at ganoon din sa lisensiya.

Mayroon ding mga menor de edad na nagmamaneho at may angkas pa.

Maging makabuluhan na sana ang pagpapaigting ng checkpoint at oplan sita.

Pati ang problema sa krimen na riding in tandem ang sangkot ay masagot na sana.

# Parak, tigbak sa riding in tandem

Patay ang isang 47-anyos na pulis nang pagbabarilin ng riding-in-tandem sa loob ng isang restaurant sa Malate, Maynila, kamakailan.

Kinilala ang nasawi na si Staff Sergeant Roel Orihuela, residente ng P. Zapanta St., Singalong, Malate.

Sa ulat ni P/Staff Master Sergeant Bernardo Cayabyab, ng Manila Police District-Homicide Section, naganap ang insidente dakong alas-8:45 ng gabi sa loob ng Arjurie Restaurant na matatagpuan sa Arellano Avenue corner Don Pedro St., Malate.

Sa inisyal na imbestigasyon, abala sa panonood ng telebisyon sa loob ng nasabing restaurant ang biktima nang biglang dumating ang dalawang lalaki at paulanan ito ng putok ng baril.

Matapos bumulagta ang biktima ay nagmamadaling binalikan ng mga salarin ang isang motorsiklong ipinarada sa 'di kalayuan at humarurot papalayo.

Sinaklolohan ng kapatid na si Ariel Orihuela ang duguang biktima at dinala sa Ospital ng Maynila kung saan idineklarang dead-on-arrival dahil sa rami ng mga tama ng bala sa iba't ibang bahagi ng katawan.

Samantala, sa nakuhang impormasyon, ang biktima ay nare-assigned sa Mindanao at kaya lang umano nagtungo sa Maynila ay upang lakarin na maitalaga muli sa Maynila.

Patuloy pang inaalam ang motibo sa krimen at nangangalap pa ng karagdagang impormasyon para matukoy ang pagkilanlan ng mga suspek. **(leonard basilio)**